BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Agosto 26, 2021
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Aaron Richardson, 415.760.0242

# Pinalawak ng Distrito ng Hangin ang Programa para sa Pagsasala ng Malinis na Hangin sa lahat ng county sa Bay Area

*Pinoprotektahan ng programa ang mga pinakamadaling maapektuhang residente, at hinihikayat nito ang publiko na mag-set up ng 'silid na may malinis na hangin' kapag tumama ang usok mula sa wildfire*

**SAN FRANCISCO –** Inaanunsyo ngayon ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang malaking pagpapalawak ng Programa para sa Pagsasala ng Malinis na Hangin, na magbibigay ng mga portable na unit para sa pagsasala ng hangin sa mga residenteng walang tahanan at may mababang kita sa mga apektadong komunidad, pati na rin sa mga sentro para sa emergency at pagpapalamig sa buong Bay Area. Ito ang kauna-unahang programang ganito at tutulong itong mapagaan ang mga potensyal na epekto sa kalusugan ng mga wildfire, lalo na para mga pinakamadaling maapektuhang residente ng Bay Area.

Ang isang pagsisikap ng pangkalahatang programang ito, na inilunsad sa unang bahagi ng buwang ito sa pakikipagtulungan sa Panrehiyong Pamamahala sa Pag-iwas sa Hika (Regional Asthma Prevention Management), ay kumikilos para magbigay ng mga portable na unit para sa pagsasala ng hangin sa mga residenteng may mababang kita na na-diagnose na may hikang hindi nakokontrol nang maayos sa mga county ng San Francisco, Alameda, Contra Costa, San Mateo, Santa Clara at Sonoma. Papalawakin ngayon ang programa sa mga county ng Marin, Napa, at Solano, at bibigyan nito ang humigit-kumulang 3,000 indibidwal sa buong Bay Area ng mga portable na indoor unit para sa pagsasala ng hangin sa bahay.

"Ang usok na nananatili sa Bay Area ngayong buwan ay isang makabuluhang paalala na mas lumalaki at mas dumadalas ang mga wildfire, na may mga potensyal na malaking epekto sa kalusugan para sa mga residente ng rehiyon, lalo na sa mga may sakit sa baga," sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Ngayon na ang panahon para kumilos para protektahan ang ating mga pinakamadaling maapektuhang residente, at isang mahalagang hakbang ang pagpapalawak ng Programa para sa Pagsasala ng Malinis na Hangin sa pagkamit ng mahalagang layuning ito."

"Nagiging karaniwan ang mga paunawa tungkol sa hindi magandang kalidad ng hangin dahil sa lumalaking bilang ng mga sunog sa wildland, kaya nararapat ang pagpapalawak ng Programa para sa Pagsasala ng Malinis na Hangin," sabi ng Tagapamahala ng County ng Santa Clara na si Cindy Chavez, na siya ring tagapangulo ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin. "Marami sa mga taong may sakit sa baga ang nawalan din ng kanilang mga tahanan sa panahon ng pandemya at

nananatili sa mga shelter kung saan puwede na ngayong ilagay ang mga system na ito. Mangyaring kumuha pa ng impormasyon tungkol sa kung paano mag-apply at mga update sa AirFilters@baaqmd.gov."

Nakatuon ang pinalawak na programa sa pagbibigay ng mga unit para sa pagsasala ng hangin para suportahan ang mga kapaligiran na malusog ang paghinga para sa mga residente sa buong Bay Area na nakatira sa mga komunidad na lubos na naapektuhan ng pagpaparumi sa hangin. Magbibigay rin ng mas malalaking unit para sa pagsasala sa mga shelter para sa mga walang tahanan, pati na rin sa mga sentro para sa emergency at pagpapalamig sa mga komunidad ring ito.

Ang mga residente ng Bay Area na hindi kwalipikado para sa Programa para sa Pagsasala ng Malinis na Hangin ay maaari pa ring bumili ng mga sarili nilang unit para sa pagsasala ng hangin na nagkakahalaga ng humigit-kumulang $100 hanggang $150, at puwede silang makakuha ng mga tip para sa paghahanda sa wildfire, kabilang kung paano mag-set up ng 'silid na may malinis na hangin' sa kanilang mga tahanan, sa pamamagitan ng pagbisita sa www.baaqmd.gov/wildfiresafety. Magagawa ng pag-set up ng 'silid na may malinis na hangin' na bigyan ang mga residente ng tirahang may nasalang hangin, mapababa ang antas ng polusyong dulot ng usok sa loob ng bahay, at tumulong na bawasan ang mga epekto nitong nauugnay sa kalusugan.

Ang usok na dulot ng wildfire ay puwedeng magkaroon ng mga agarang epekto sa kalusugan at mag-trigger ng paghinga nang may tunog sa mga may hika, emphysema, (Chronic Obstructive Pulmonary Disease, COPD), o iba pang kundisyon sa baga. Kapag may wildfire, talagang tunay at matindi ang nagiging epekto ng pagpaparumi sa hangin, pati sa mga taong walang dati nang medikal na kundisyon. Makakakita sa www.baaqmd.gov/wildfiresafety ng mga tip para sa paghahanda sa wildfire, rekomendasyon sa kalidad ng hangin para sa mga paaralan, impormasyon tungkol sa data ng kalidad ng hangin, at higit pang resource.

**Makakakuha ang mga residente ng Bay Area ng higit pang impormasyon tungkol sa Programa para sa Pagsasala ng Malinis na Hangin sa pamamagitan ng pagpapadala ng katanungan sa: AirFilters@baaqmd.gov.**

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*